ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 17
Setyembre 7, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Hambalusin ng protesta ang korapsyon ng rehimeng US-Marcos

Noong nakaraang taon, ipinagmalaki ni Marcos na mahigit 5,500 proyektong *flood control* ang tinapos ng kanyang gubyerno bilang kalutasan sa malawakang pagbaha. Subalit sa kahihiyan matapos ilambeses na namang naulit ang malalalang pagbaha, naghugas-kamay si Marcos at nagsambit na "mahiya naman kayo" habang nakaturo sa mga kontraktor ng mga bilyun-bilyong pisong proyektong ito at kasabwat nilang pulitiko.

Nagmamalinis si Marcos, gayong siya mismo ang naghanda at nakapirma sa badyet na naglaan ng palaki nang palaking pondo para sa mga palabigasang proyektong *flood control*. Halos kalahating trilyong piso ang kanyang inilaan sa maaanomalyang proyektong ito sa nagdaang dalawang taon, 60.7% na mas malaki kaysa noong 2022-2023.Tulad ni Marcos, naghuhugaskamay ang magkakasabwat at magkakaribal na pulitiko. Lahat sila'y nagtuturuan. Tuwiran man o hindi, dawit sa mga anomalya ang mga senador at kongresista, mga upisyal ng Department of Public Works and Highways (DPWH), Department of Budget and Management, maging ang iba't ibang ahensya ng gubyerno at ang Malacañang mismo.

Sa mga nagdaang linggo, tumambad ang malalalang anomalya sa mga proyektong ito na marami ay hindi tapos, mababa ang kalidad o hindi man lamang sinimulan kahit nailabas na ang pondo. Nabunyag ang bilyun-bilyong pisong kinukulimbat ng magkakasabwat na burukrata-kapitalista at mga kontraktor.

Muling nalagay sa atensyon ng taumbayan kung papaano silang kumakamal ng bilyun-bilyong piso mula sa mga pampublikong proyekto, sa anyo ng suhol, lagay o komisyon. Usap-usapan na hanggang 60% ng halaga ng isang proyekto ay ibinubulsa ng upisyal ng reaksyunaryong gubyerno sa iba't ibang antas. Kalakaran din na nagsimula noon pang panahon ng diktadurang Marcos, na hanggang 10% sa mga proyektong ito ay iniaakyat hanggang sa tuktok ng Malacañang, kapalit ng pabor at proteksyon ng gubyerno.

Ang paglista ni Marcos ng pinakamalaking kontraktor sa Pilipinas ay katulad ng *drug list* na ipinangangalandakan noon ni Duterte, hindi para tugisin ang mga *drug lord* sa likod ng bentahan ng iligal na droga, kundi para paluhurin sila sa kanyang kapangyarihan at bayaran ang kanyang proteksyon. Ang pagpuntirya ngayon ni Marcos sa ilang kontraktor, mga pulitiko at tiwaling upisyal ay pakitang-taong paglilinis ng gubyerno, na ang totoong layunin ay payukuin ang mga ito at mas mahigpit na kontrolin at monopolyohin ang kurakot sa estado.



Dapat natin unawain na marami sa mga proyektong *flood control*, na ang pinakamalalaki ay kinabibilangan ng pagtatayo ng sementadong pader sa pampang ng mga ilog (tinatawag na *embanking*), ay hindi solusyon, kundi sanhi pa nga ng mas malalalang pagbaha. Sa halip na lutasin ang mga dahilan ng

pagbabaw ng mga ilog (pagbabanlik dahil sa pagtotroso, pagmimina, pagkukwari at iba pang operasyong mapangwasak sa mga bundok), inililipat lamang ng mga proyektong ito ang pagbaha sa mas mabababang lugar, at ginagawa pang mas malakas at mapangwasak ang pagragasa ng tubig.

Ang totoo, walang kinalaman sa paglutas sa mga pagbaha ang malalaking proyektong *flood control* na ito. Ito lamang ang pinakabagong "paborito" sa mga proyektong pang-imprastruktura na pinagkakakitaan ng mga burukrata-kapitalista at tau-tauhang kontraktor. Nagsimulang dumami ang mga ito sa panahon ni Duterte (halos 14,000). Bago ang mga proyektong *flood control*, "paborito" nilang proyekto ang mga haywey, *flyover*, tulay, paliparan, mga daungan at tawiran. Dito winawaldas ang pondo ng bayan sa halip na ipinupuhunan sa produktibong mga sektor ng agrikultura at manupaktura.

Ang papalaking pondong nilulustay sa hindi produktibong mga proyektong pang-imprastruktura ay bahagi ng itinutulak na prayoridad ng mga imperyalistang ahensya sa pinansya, katulad ng International Monetary Fund, World Bank, Asian Development Bank, Japan International Cooperation Agency at iba pa. Sa ilalim ni Marcos, lalong lumobo ang pondo para sa imprastruktura, mula ₱2.5 trilyon noong 2022-2023 tungong ₱3.07 trilyon noong 2024-2025, na malaking bahagi ay para tumbasan ang dayuhang pautang. Si Marcos at ang mga burukrata-kapitalista ang nagsisilbing ahente ng mga dayuhang imperyalistang bangkong ito.

Hayok sa mga "proyektong pang-imprastruktura" ang mga burukratang kapitalista dahil sa bilis na makapagkamal ng malaking yaman mula sa mga ito. Sugapa rin sa mga ito ang mga pasistang upisyal ng militar at ng NTF-Elcac. Malaking bahagi ng pondo ng bayan ang nakalaan sa pagtatayo ng mga kampo militar at mga "pagpapaganda" sa mga ito, pati na ang bilyun-bilyong pisong maaanomalya at walang saysay na proyekto sa ilalim ng tinaguriang "Barangay Development Program."

Ang korapsyon o pandarambong sa pondo ng bayan ay saligang aspeto ng burukratang kapitalismo. Nagkakamal ng dambuhalang yaman ang mga burukrata-kapitalista at kanilang mga kasabwat gamit ang kapangyarihan ng estado. Kasabwat nila ang malalaking burgesyang komprador at panginoong maylupa na mga dinastiya sa pulitika, at gamit ang mga armadong pwersa ng estado para supilin ang paglaban ng mamamayan.

Taumbayan ang pumapasan sa korapsyon ng mga burukrata-kapitalista, mga alipures at kasabwat sa mga anomalya sa gubyerno. Habang lumulutang sila sa yaman, nalulunod naman ang sambayanan sa baha ng hirap at gutom. Habang mahimbing sila sa kanilang mga mansyon at kumportable sa magagarang sasakyan, milyun-milyong maralita ang nabubuhay sa pangambang anurin ng rumaragasang baha tuwing umuulan.

Malalim, matindi at makatwiran ang galit ng taumbayan. Pinakamatindi ang kanilang pagkasuklam kay Marcos mismo na numero unong mandarambong sa pondo ng bayan. Ang mga pagtitipon, pagpapahayag at kilos-protesta sa nagdaang mga araw ay sumasalamin sa poot na umaapaw sa kanilang dibdib laban kay Marcos at burukratang kapitalismo.

Sigaw nilang papanagutin si Marcos at mga alipures at kasabwat sa pagpapayaman sa poder. Batid na walang mangyayari sa mga imbestigasyon ng kongreso man o Malacañang, tama lamang na paramihin at palawakin nila ang kanilang mga protesta sa lansangan upang maipamalas sa iba't ibang paraan ang galit ng malawak na masa ng sambayanan.

Dapat pukawin, organisahin at pakilusin ang sambayanan para labanan at wakasan ang mapang-aping sistemang malakolonyal at malapyudal, at ang maka-uring paghahari ng mga burukrata-kapitalista, malalaking burgesyang kumprador at panginoong maylupa. Ang hangarin ng taumbayan para sa katarungang panlipunan, tunay na demokrasya, at kalayaan ay matatamo lamang sa pamamagitan ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 17 | Setyembre 7, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Hambalusin ng protesta ang korapsyon ng rehimeng US-Marcos 1
Mga ambus ng BHB sa Bicol, Negros, tagumpay 3
Marcos, mga tiwaling kontratista, pinapanagot 3
Mga protesta 3
Balangay ng PKM, naitayo sa Negros 4
4 na aktibista at magsasaka, iligal na inaresto 5
Pakikibakang manggagawa 5
Pagsulong ng kabataang Pilipino 6
Pagbabase ng tropang Australian sa Pilipinas 7
Pagmimina sa Nueva Vizcaya at Benguet, tinutulan 7
Pagpupugay sa mga Martir ng Agosto ng Panay 7
Sa madaling salita 8
Banta ng ekspansyon ng plantasyong komersyal 9
Rehimeng Prabowo, dinumog ng protesta 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Mga ambus ng BHB sa Bicol at Negros, tagumpay

INAMBUS NG ISANG yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Albay (Santos Binamera Command) ang nag-ooperasyong 16-kataong iskwad ng 49th IB noong Agosto 21 sa Barangay Palapas, Ligao City, Albay. Hindi bababa sa tatlong pasistang sundalo ang napatay at isa pa ang naiulat na nasugatan sa ambus.

Ayon sa ulat ng BHB-Albay, nagtatangka ang mga tropa ng 49th IB na lumapit sa hinihimpilan ng hukbong bayan para ireyd ang yunit. Anito, nabantayan ng masa ang kilos ng pasistang mga tropa kaya agad nakagawa ng mapagpasyang hakbang ang yunit ng hukbo para patamaan ito.

Sa Negros Occidental, inambus ng BHB-South Central Negros (Romeo Nanta Command) ang tropa ng 94th IB at CAFGU na nag-ooperasyon sa Sityo Balao, Barangay Tan-awan, Kabankalan City noong Setyembre 4. Tatlo ang nasugatan sa mga pasistang sundalo.

Aktibong depensa. Sa Aurora, isang sundalo ng 91st IB ang nasugatan sa aktibong pagdepensa ng isang yunit ng BHB-Aurora (Domingo Erlano Command) noong Agosto 21 ng hapon sa Sityo Aguses, Barangay Matawe, Dingalan. Tatlong buwan na ang *focused and sustained military operations* ng 91st IB sa Dingalan at katabing mga bayan nito.

Sa nagdaang mga linggo, sunud-sunod ang naiulat na mga armadong aksyon at aktibong depensa ng mga yunit ng BHB laban sa umaatakeng tropa ng Armed Forces of the Philippines. Liban sa Albay at Aurora, naitala ang mga ito sa Masbate, Oriental Mindoro, Quezon, at Capiz.

Pinasisinungalingan ng mga serye ng labanan na ito ang pahayag ni Ferdinand Marcos Jr noong Hulyo na "wala nang grupong gerilya" sa bansa.

Marcos, mga tiwaling kontratista, pinapanagot ng taumbayan

SUNUD-SUNOD NG protesta ang inilunsad ng mga progresibong grupo laban sa rehimeng Marcos at mga kontratistang sangkot sa korapsyon at anomalya sa mga proyektong *flood control* at iba pang imprastruktura. Isinagawa ang mga pagkilos noong Setyembre 4 at Setyembre 5 sa pangunguna ng Bayan. Nagkaroon naman ng takbo laban sa korapsyon sa University of the Philippines-Diliman noong Setyembre 7 na nilahukan ng higit 1,000 ka tao.

Sinugod at kinalampag ng mga grupong pangkalikasan at biktima ng mga kalamidad noong Setyembre 4 ang upisina sa Pasig City ng St. Gerrard Construction, pag-aari ng mga Discaya, na isa sa mga kontratistang imbwelto sa korapsyon laluna sa bulok na mga proyektong *flood control*. Binato nila ng putik ang logo at tarangkahan ng kumpanya bilang pagpapamalas ng kanilang galit.

Sa parehong araw, sinugod ng mga myembro ng Anakbayan ang pambansang upisina ng DPWH sa Maynila. Kasabay nito ang protesta ng grupong KYUSI 4 Truth and Accountability sa Quezon City at ng Bayan-National Capital Region at ONE Taft sa Pedro Gil. Sa Marikina City, nagprotesta ang mga kababaihan sa pangunguna ng Gabriela Women's Party.

Noong Setyembre 5, nagsama-sama ang mga grupo sa pangangalampag sa House of Representatives sa Quezon City para kundenahin ang DPWH at si Marcos. Itinaon nila ang pagkilos sa pagdinig para sa badyet ng kagawaran. Isang protesta rin ang pinangunahan ng Bayan-Central Visayas sa DPWH Region 7 sa Cebu City. Sa Pampanga at Bulacan, nagprotesta ang Bayan-Central Luzon sa nagdaang linggo.



Abusadong warden sa bilangguan sa Negros, napatalsik. Napatalsik noong Agosto 28 ang abusadong warden na si Atty. Crisyrel P. Awe ng Negros Occidental District Jail - Male Dormitory matapos ang 4-araw na protesta ng may 600 bilanggo, kasama ang mga bilanggong pulitikal. Ang pagkilos ay tugon nila sa patung-patong na mga kaso ng paglabag sa kanilang karapatan sa loob ng bilangguan sa pangunguna ni Awe. Kabilang sa mga batayan ng pagpapalit kay Awe ang mga kasong panggigipit at pananakot sa mga lider ng bilanggo, hindi pagtupad sa naunang mga kasunduan at ibang di-makatuwirang kalakaran. Nagpiket rin sa labas ng bilangguan ang mga pamilya ng bilanggo bilang suporta.

Ilitaw ang mga desaparesido. Nagprotesta sa Maynila ang Desaparecidos Philippines at mga grupo sa karapatang-tao noong Agosto 30 bilang paggunita sa International Day of the Disappeared. Panawagan nilang ilitaw ang lahat ng mga dinukot at sapilitang iwinala ng mga pwersa ng estado ng Pilipinas. Sa ilalim ng rehimeng Marcos, hindi bababa sa 15 ang biktima ng sapilitang pagkawala. Naglunsad ng katulad na mga protesta sa syudad ng Baguio, Iloilo, at Cebu, at sa Los Baños sa Laguna.

Mga migrante sa US, nagbuklod. Nasa 850 migrante sa US, kabilang ang mga Pilipino, ang nagprotesta sa Tacoma, Washington para ipanawagan ang ang pagtigil sa di makataong pagtrato sa mga nakakulong sa mga pasilidad ng ICE, pagtugis sa mga migrante at di makatwirang deportasyon. Isinagawa ang pagkilos matapos idaos ang kumperensyang nagbuklod sa 100 organisasyon mula sa US at sa ibang bansa sa Defend Migrants Alliance.

Koresponsal:

Balangay ng PKM, naitayo sa gitna ng operasyong militar sa Negros

Determinado ang Partido, Bagong Hukbong Bayan at buong rebolusyonaryong kilusan sa Negros na patatagin ang baseng masa sa saklaw nito. Ibinibigay nila ang buong lakas, katapangan at walang pag-aalinlangan sa pagpapatupad ng gawaing masa sa gabay ng kilusang pagwawasto sa harap ng walang humpay na operasyong militar sa larangang gerilya.



Sa halos buong buwan ng Agosto, pinatindi at pinalawak ng AFP at SAF-PNP ang operasyong militar sa kabundukan ng isang larangan sa Negros. Ipinakat dito ang mahigit 600-700 pwersa sa 32 kolum (9-12 na elemento) ng pasistang tropa mula sa limang batalyon ng militar at isang batalyon ng pulis. Nakaantabay naman ang mga elemento ng CAFGU sa mga detatsment at *patrol base* sakaling may mangyaring sagupaan sa pagitan ng militar at mga yunit ng BHB.

Layunin ng makapal na presensya ng kaaway ang tugisin ang baseng masa, kubkubin at durugin ang mga yunit ng hukbong bayan at buong rebolusyonaryong kilusan sa saklaw ng larangang gerilya.

Gamit ng AFP at PNP ang mga sumukong traydor sa masa at rebolusyon. Nagsilbi silang mga giya para halughugin ang lugar, maghasik ng takot at sapilitang magpasuko sa mga sibilyan. Sumasama sila sa mga sundalo sa paniniktik, pagkuha ng litrato sa mga bahay at indibidwal na pinagdududahan nilang mga tagasuporta ng BHB sa tabing ng mga kunwa'y sensus. Habang gumagalugad ang mga ahente at sundalo sa mga komunidad, may mga sundalong nakapakat sa matataas at estratehikong tereyn. Nagsisilbi silang *blocking force* sa mga lagusan sa gitna at daanan patungo sa katabing baryo.

Pagpapatatag sa baseng masa

Sa gitna nito, muling itinayo ang mga ganap na samahang masa sa Marcia, isa sa mga baryong saklaw ng pangkalahatang operasyong militar. Mayorya sa mga residente dito ay mula sa batayang uri. Kalakhan sa kanila ay tenante ng panginoong maylupa na hindi nakatira sa baragay.

Mahirap ang buhay ng mga magsasaka sa Marcia. Biktima sila ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala. Tersyuhan ang partehan sa kanilang produkto. Sa mga sahuran, ₱300 ang arawan at ₱500 naman sa pakyaw na sistema ng trabaho. Mas tampok dito ang pakyaw na pamamaraan sa pagtrabaho kaysa arawan. Para madagdagan ang kita, nag-aalaga ng mga hayop pambenta ang mga magsasaaka.

Malapit sa baryo ang mga detatsment ng CAFGU at *patrol base* ng AFP. Sa nakaraang mga taon, dumanas ng matinding militarisasyon ang baryo kung saan kahindik-hindik ang mga abusong militar at krimen sa digma ng mga sundalo.

Sa harap nito, mahigpit na nagkakaisa ang mga residente ng Marcia para lagpasan ang hinaharap nilang problema at suliranin sa ekonomya, pulitika, kultura at militar. Daan-daang pamilya, na may higit 2,000 indibidwal, ang pumapaloob sa mga balangay ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM), Makibaka at Kabataang Makabayan (KM). Halos isang platun ng milisyang bayan ang napakilos sa depensa, mga tim ng yunit pandepensa sa baryo sa kada sityo at may sangay ng Partido sa lokalidad na namumuno sa baryo.

Pagtatayo ng balangay

Idinaos kamakailan ang asembleya para muling itayo ang balangay ng PKM sa baryo. Binuksan ang aktibidad sa oryentasyon sa seguridad. Pinuri ng kumander ng hukbo ang katapangan ng masa na nagtulak na ituloy ang pulong masa sa kabila nang tatlong kilometro lamang mula sa kanilang pwesto ang nag-ooperasyong militar.

Sa pulong masa, sistematiko nilang tinalakay, sa pangunguna ng instruktor sa pulitika ng hukbo, ang nakahandang mga dokumento ng paglalagom ng pagkilos sa lugar, kasaysayan, huling resulta ng panlipunang pagsisiyasat, suhetibong sitwasyon, istruktura at katungkulan, 1-taong Programa at mga patakaran ng rebolusyonaryong organisasyong masa sa baryo. Nagdiin sila sa rebolusyonaryong kasaysayan ng baryo. Matingkad ang talakayan sa pagtutulungan ng buong kilusan mula pa dekada 1960 sa panahon ng KM, dekada 1970 sa panahon ng

Sundan sa pahina 5

4 na aktibista at magsasaka, iligal na inaresto

Tatlong kaso ng pag-aaresto, isang kaso ng walang pakundangang pambobomba at mga kaso ng sarbeylans at panggigipit ang naiulat na mga paglabag sa karapatang-tao nitong nakaraang dalawang linggo.

Sa Southern Leyte, inaresto ng mga pwersa ng estado ang 61-taong gulang na si Felixberto Consad, myembro ng Piston sa Butuan City, sa kanyang bahay sa Sogod noong Agosto 14. Kinasuhan siya ng kasong pagpatay at dinala sa Sogod Police Station. Naninirahan si Consod sa Southern Leyte para iwasan ang panggigipit ng militar.

Sa Rizal, dalawang residente ng Sityo Rawang, Barangay Tandang Kutyo, Tanay ang inaresto noong Agosto 29. Ang mga biktima ay inaresto dahil sa kanilang pagtindig, kasama ang komunidad, sa pangangamkam ng lupa ng pamilyang Chua-Tan at Sta. Lucia Corporation sa erya.

Sa Camarines Norte, dinakip ng mga sundalo ng 16th IB si Faye Margarette Tallow, isang organisador ng mga magsasaka, sa Barangay Malibago, Labo noong Setyembre 4. Nireyd ng militar ang bahay na tinutuluyan ni Tallow at doon siya dinampot. Hanggang ngayon ay hindi pa siya inililitaw ng militar.

Sa Cavite, sinampahan ng gawa-gawang kaso ng 2nd CMO Battalion sina Jojo Mercado, Miriam Villanueva at iba pang residente ng Purok 5, Barangay Langkaan 1, Dasmariñas dahil sa pagtataboy nila sa mga sundalo sa komunidad. Kaugnay ito ng pagtanggi nilang bentahan ng kanilang tindahan ang mga elemento ng batalyon.

Pambobomba. Ginambala ng malalakas na bomba, kanyon, at pag-iistraping ng mga yunit ng AFP ang katahimikan at oras ng pahinga ng mga residente ng Tapaz, Capiz noong alas-2:30 ng madaling araw ng Agosto 22. Nagdulot ito ng matinding ligalig at nagtulak sa ilang pamilya na lumikas mula sa kanilang komunidad.

Paniniktik. Kinausap at tiniktikan ng isang pulis ang mga myembro ng Pamalakaya-Navotas noong huling linggo ng Agosto. Humingi ng impormasyon ang ahenteng pulis, na nagpakilalang taga-Bureau of Fisheries and Aquatic Resources, at nag-alok ng pera kapalit ng impormasyon hinggil sa grupo. Para ilantad ang paniniktik, kinompronta ng grupo ang pulis noong Agosto 31 sa isang restawran. AB

Mula sa pahina 5

batas militar ni Marcos Sr, at pagdating at pagkilos ng hukbong bayan sa baryo hanggang sa kasalukuyan.

Bago ang aktibidad, isinagawa ang serye ng mga pulong-konsultasyon ng Partido, yunit ng BHB at responsableng lider masa sa baryo. Gumawa ng komprehensibong plano batay sa kabuuang plano ng komite sa larangan at seksyon komite at sa aktwal na kilos ng kaaway. Sa loob ng isang linggo, naitala ang mga gawain at rekisitos sa pagpapatupad ng plano gaya ng paglalagom, pagsisiyasat at pabubuo ng plano. Isinagawa ang paunang pulong para talakayin ang mga borador at pag-aralan ang inihandang mga dokumento. Ginawang kampanya ang pagbubuklod sa buong organisadong masa sa mga dokumentong ito kasabay ang kampanya sa pag-aaral ng Rebolusyon. Ginawa ring kampanya ang pagbabalik-aral sa rebolusyonaryong gabay sa repormang agraryo, na isa sa batayang dokumento ng PKP.

Pangalawang bahagi: Kilusang pagwawasto at ang pagtatayo ng samahang masa. AB



Tanggalan sa Wyeth, tinutulan. Binatikos ng Wyeth Philippines Progressive Workers Union (WPPWU-DFA-KMU) ang iskemang "cluster crew" na planong ipatupad ng kumpanya sa pabrika. Ayon sa unyon, paraan ito ng pleksibilisasyon na magdadagdag ng trabaho sa manggagawa, paglipat sa ibang seksyon sa produksyon, at posibleng humantong sa tanggalan.

Lumitaw ang planong pagpapatupad ng "cluster crew" sa panahong nagsasagawa ng negosasyon ang mga kinatawan ng WPPWU at pamunuan ng Wyeth para sa bagong CBA na sinimulan noong Hunyo. Isinusulong ng unyon sa negosasyon ang ₱15,000 dagdag sahod sa loob ng tatlong taon, dagdag na mga benepisyo, at regularisasyon sa mga kontraktwal.

Ika-100 araw ng welga sa Kawasaki, ginunita. Nagtipon ang mga manggagawa ng Kawasaki United Labor Union (KULU) noong Agosto 29 para gunitain ang ika-100 araw ng kanilang welga na ikinasa noong Mayo dahil sa *deadlock* sa negosasyon sa CBA. Nagprograma sila sa harap ng hedkwarters ng Kawasaki Motors Phils Corporation (KMPC) sa Muntinlupa City. Nakiisa sa programa ang Kilusang Mayo Uno at mga unyon nito.

Manggagawang tinanggal sa Nexperia, naibalik. Matapos ang ilang buwang paggigiit at pagsasampa ng kaso sa Dole, naipanalo noong Agosto 18 ng Nexperia Philippines Inc. Workers Union (NPIWU-NAFLU-KMU) ang pagpapabalik sa trabaho ng dalawang manggagawa at lider ng unyon na iligal na tinanggal ng kapitalista. Ayon sa desisyon, dapat maibalik ang dalawa sa kanilang dating pusisyon, panatilihin ang kanilang *seniority rights*, at bayaran ang lahat ng hindi nila natanggap na sahod at benepisyo mula Marso 10 hanggang sa kanilang pagbabalik-trabaho. Tinanggal ang dalawa, kasama ang dalawa pang upisyal ng unyon, noong Disyembre 2024 sa paratang ng "pagharang" sa paglabas-masok ng mga produkto sa kumpanya.

Pagsulong ng makabayan at demokratikong pakikibaka ng kabataang Pilipino

Tangan ang mga plakard, bandila, at *megaphone*, puspusang isinusulong ng kabataang Pilipino ang kanilang makabayan at demokratikong pakikibaka sa harap ng pinatinding atake ng rehimeng Marcos at National Task Force-Elcac laban sa kanila. Hindi sila nagpapabusal, at tumatangging maging kimi at yumuko sa pasistang dikta ng estado.

Sa nagdaang mga linggo, iba't ibang aktibidad ang pinangunahan at nilahukan ng kabataan para ilantad at batikusin ang anti-mamamayang mga patakaran ng rehimeng Marcos. Sa loob at labas ng mga paaralan, nakikibahagi sila sa mga pakikibakang bayan.

Pagkilos sa mga unibersidad

Daan-daang kabataang-estudyante ang lumahok sa mga demonstrasyon at aktibidad sa pribado at pampublikong unibersidad para salubungin ang pagbubukas ng klase sa nagdaang buwan. Itinampok nila sa mga pagkilos ang isyu ng edukasyon, pagtataguyod sa kanilang demokratikong karapatan, at paglaban sa pagsikil sa akademikong kalayaan.

Higit 1,300 kabataan ang nagprotesta sa Polytechnic University of the Philippines (PUP) sa Sta. Mesa noong Setyembre 2 para simulan ang bagong akademikong taon. Sa University of the Philippines (UP)-Los Baños, umabot sa 500 ang kumilos na mga estudyante noong Agosto 12. Daan-daan din ang lumahok sa mga rali sa iba pang kampus ng UP mula Baguio, tungong Diliman, hanggang Visayas at Mindanao.

Isinagawa rin ang mga pagkilos sa ng Technological University of the Philippines Manila, Cavite State University, Southern Luzon State University sa Quezon, sa Bicol University, at Western Visayas State University sa Iloilo.

Matapos ang ilang taon, muli ring nakapagtipon noong Agosto 30 sa Tabuk City ang Samahan ng mga Mag-aaral sa Kalinga, isang organisasyon sa Kalinga State University (KSU). Ang grupo ay dating kinikilala ng unibersidad ngunit natigil nang ni-*red-tag* at, sa udyok ng NTF-Elcac at AFP noong 2021.

Sa mga pribadong paaralan, nagkasa ng pagkilos ang mga kabataan sa Saint Louis University sa Baguio City, sa Adamson University, Ateneo de Manila University, at De La Salle University at iba pang pamantasan. Hindi sila nagpatinag sa panunupil ng administrasyon, banta ng suspensyon at iba pang maparusang hakbangin.

Labas sa kampus

Hindi nagpapakulong ang kabataan sa mga isyu sa loob ng kampus. Militante silang nagmamartsa sa mga lansangan kasama ang mga manggagawa at maralitang-lunsod, at tumutungo sa kanayunan para makiisa sa masang magsasaka at mga pambansang minorya.

Kaisa ngayon ang mga kabataan sa pagbatikos ng taumbayan sa maanomalya at batbat ng korapsyon na mga proyektong *flood control* at mga imprastruktura. Sinugod nila at pinagbabato ng putik at bulok na gulay ang upisina ng mga kontratista at ng Department of Public Works and Highways at nanawagan ng panagutan sa rehimeng Marcos.



Nakihanay sila sa laban kontra demolisyon ng mga residente ng Smokey Mountain at Malara sa Tondo. Patuloy silang sumusuporta sa laban ng mga manggagawa at unyon ng Nexperia, welga sa Kawasaki, at tumungo sa mga piketlayn.

Pinangingibabawan nila ang takot at lagim na inihahasik ng militar sa kanayunan sa paglahok sa mga *fact-finding mission* sa Mindoro at Quezon. Ginagamit nila ang *social media* para ilantad sa publiko ang paparaming mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa kanayunan.

Maging ang mga kabataang Pilipino sa ibayong dagat ay umuuwi sa Pilipinas para makibahagi sa pakikibaka ng mamamayan. Sa nagdaang mga buwan, puu-puong kabataan mula US ang bumisita sa Pilipinas para matuto sa paglaban ng mga sektor.

Hindi alintana ng kabataan ang gasgas nang pakana ng NTF-Elcac na pagbabansag sa mga aktibidad ng sektor bilang "terror grooming." Mapangahas na tinatanganan ngayon ng kabataang Pilipino ang mahigpit na tungkulin ng pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masang anakpawis. Pinapanday nila ang sarili at binabalikat ang sakripisyo bilang mga susunod na tagapagmana ng pakikibaka ng sambayanang Pilipino. AB

Pagbabase ng tropang Australian sa Pilipinas, estratehiya ng US

Nitong nakaraang mga buwan, sunud-sunod ang mga *war games* na inilunsad ng Australia sa Pilipinas. Ang mga ito ay alinsunod sa estratehikong plano ng pagtatanggol ng hegemonya ng US sa Asia-Pacific, kung saan malaki ang bentahe ng Australia.

Isa sa mga *war games* Alon 2025, na isinagawa sa lupa at karagatan ng Palawan, Mindoro at iba pang bahagi ng Luzon. Sa *war games* na ito, nagpadala ang Australia ng pinakamalaking bilang ng mga sundalo sa Southeast Asia mula nang nanghimasok ito sa East Timor noong 1999. Bago nito, inilunsad ng Australia ang Kasangga 2025, isang pagsasanay sa kontra-insurhensya sa Camp Kibaritan sa Bukidnon.

Kamakailan, itinulak na rin ng Australia ang pagtatayo ng sarili nitong mga base sa Pilipinas para ibahay ang lumalaking bilang ng tropa at kanilang mga gamit sa bansa. Noong Agosto 22, pinirmahan ng mga upisyal sa depensa ng Australia at Pilipinas ang Statement of Intent for Enhanced Defense Cooperation para bigyan-daan ang layuning ito. Nakatakdang ipinal ang kasunduan sa 2026.

Bibigyang daan ng kasunduang ito ang permanenteng pagpwesto ng mga tropa ng Australia sa Pilipinas, paglulunsad ng malalaking *war games* at pamumuhunan sa "imprastrukturang pandepensa" o mga base militar. Ang kasunduang ito ay magiging katulad sa Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) sa pagitan ng Pilipinas at US, na yumuyurak sa soberanya ng bansa at magtatali sa bansa sa mga armadong sigalot na pinapaypayan ng US.

Dagdag ang mga tropa, sasakyan at gamit pandigma ng Australia sa dambuhala nang makinaryang militar ng US na nakalatag sa Pilipinas.

Samantala, isa na namang baseng nabal ang binuksan ng AFP, sa direksyon ng US, sa Mahatao, Batanes nitong Setyembre. Ang base ay bahagi ng lambat ng mga *forward operating base* na inilalatag ng US sa mga isla ng Batanes (may isa pa sa isla ng Mavulis) dahil sa lapit nito sa Taiwan.

Sa kaugnay na balita, nabunyag ang pagbubukas ng rehimeng Marcos sa Camp Cape Bojeador sa Burgos, Ilocos Norte para maging imbakan ng bala ng US. Ang huling mga hakbang na ito ay lalong nagkakaladkad sa Pilipinas sa pinaiigting na sigalot ng US laban sa China. AB

Planong pagmimina sa Nueva Vizcaya at Benguet, tinutulan ng mamamayan

KINUNDENA NG MAMAMAYAN ng Dupax Del Norte, Nueva Vizcaya ang planong pagmimina sa kanilang komunidad. Noong Agosto 4, binigyan ng Mines and Geosciences Bureau ang Woggle Corporation, kumpanyang nakabase sa United Kingdom, ng *exploration permit* para aralin ang mineral na makukuha sa bayan. Planong sakupin ng kumpanya ang 3,102 ektaryang lupain ng limang barangay o 10% ng kabuang lupain ng naturang bayan.

Agad naman naglabas ng resolusyon ang barangay Oyao laban sa pagmimina at ang sanggunian bayan, na nag-uutos para sa kanselasyon sa nangyayaring *mining exploration* sa bayan. Nagpahayag ng pagkundena ang Diocese ng Bayombong. Naglunsad ng *signature campaign* ang mga residente.

Samantala, nananawagan ang komunidad ng Barangay Bulalacao, Mankayan, Benguet para sa pagkansela sa permit ng Crescent Mining Development Corporation (CMDC) para sa Mineral Production Sharing Agreement na muling binigay sa kumpanya sa kabila ng kawalan nito ng *free, prior and informed consent* mula sa mga katutubo at *certification of precondition*, na itinakda ng reaksyunaryong batas.

Nasa 534 na ektarya na bahagi ng lupaing ninuno ang saklaw ng proyekto at iginawad din sa kumpanya ang dagdag na 300 ektarya sa parehong lugar. Banta ang operasyon sa mahigit 600 pamilya na nakaasa sa pagtatanim sa lupaing ninuno. Ang CMDC ay pagmamay-ari ng Asean Copper, na 40% nito ay pagmamay-ari ng isang kumpanyang Australian.

Pagpupugay at paggunita sa mga Martir ng Agosto ng Panay

SA OKASYON NG unang taong anibersaryo ng mga Martir ng Agosto ng Panay, nagbalik-tanaw sa kanilang buhay ang Komiteng Rehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Panay. Naglunsad ng iba't ibang aktibidad ang rebolusyonaryong kilusan sa buong Agosto, at partikular na ginunita ang Agosto 26 Araw ng mga Martir ng Panay.

Ang mga Martir ng Agosto ng Panay ay kinabibilangan ng 11 mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Panay (Coronacion Waling-Waling Chiva Command) at mga lider at kadre ng Partido na namartir noong Agosto 2024.

Halos isang taon makalipas, iniulat ng National Democratic Front (NDF)-Panay na 10 sa mga namartir ay nadakip, tinortyur at sadyang pinaslang ng militar, na tahasang paglabag sa internasyunal na makataong batas.

Bilang pagbigay-pugay sa lahat ng martir ng isla, naglunsad ng tahimik na 21-*gun salute* ang mga yunit BHB-Panay. Nagtipon rin ang Kabataang Makabayan-Panay, Katipunan ng mga Samahang Manggagawa-Panay at iba pang rebolusyonaryong masang organisasyon para magparangal.

40%

lamang ng **badyet para sa konstruksyon** ng imprastruktura ang napupunta sa proyekto, ang mas malaking bahagi ay ibinubulsa ng mga burukratang kapitalista (mula Malacañang hanggang lokal na gubyerno) at mga tau-tauhan nilang kontraktor.

121 milimetro

ang ulang bumuhos sa loob lamang ng isang oras sa **Quezon City** noong Agosto 30, 2025 na sanhi ng matinding pagbaha kahit sa mga lugar na dating di binabaha.



7

malaking barkong pandigma ang iniumang ng US sa karagatan ng **Venezuela** para pagbantaan ng pananalakay ang rehimeng Maduro, gamit ang gawa-gawang akusasyong sangkot ang bansa sa iligal na kalakalan ng narkotiko.



40+

ang mamahaling sasakyan na ipinagmalaki ng mga **Discaya**, pamilyang may 9 na kumpanyang sangkot sa pangungurakot ng pondo sa mga proyektong ***flood control***.



50

barko sa ilalim ng **Global Sumud Flotilla** ang naglayag patungong Gaza ngayong Setyembre sa layuning maghatid ng pagkain at iba pang pangangailangan ng mamamayan sa Gaza na biktima ng henosidyo at panggugutom ng Israel. Nilahukan ang *flotilla* ng mamamayan mula sa 44 bansa, kabilang ang Pilipinas.


500

batang babae ang araw-araw na nanganganak sa bansa. Mahigit kalahati ng nabubuntis ay bunga ng panggagahasa ng mga ama, tiyo o lalaking kamag-anak.

Pinagkunan: Philippine Commission on Population

Alipato at Muog

pelikula tungkol sa pagdukot at pagwala ng AFP sa aktibistang si **Jonas Burgos** na nanalong Best Picture sa nakaraang Famas Awards. Nanalo ring Best Director para rito ang kapatid ni Jonas na si JL Burgos.



4,567

ektaryang kagubatan ang pipinsalain ng **Banahaw Wind Power Project** ng GigaWind4 Inc, isang subsidyaryo ng ACEN Corporation ng Ayala Group, sa hangganan ng Sariaya, Quezon at 10 barangay ng Tayabas City.


Pinagkunan: Save Bundok Banahaw Network

Ikalawang bahagi:

Ekspansyon ng plantasyong komersyal, banta sa likas na yaman ng bansa

Buong pagmamayabang ni Ferdinand Marcos Jr na ang krisis sa klima ang isa sa pangunahing tinutugunan ng kanyang rehimen. Sa pagpapanggap na siya ay maka-kalikasan, kung anu-anong huwad na proyektong reporestasyon ang ipinatupad ng rehimen sa ilalim ng Department of Environment and Natural Resources (DENR). Kabilang sa mga proyektong ito ang Expanded National Greening Program, "PagbaBAGo: A Million Learners and Trees", Green Samar Reforestation Project, at ang "Forests for Life: 5M Trees by 2028" na inilunsad noong Marso 21. Ang totoo, ang tunay na layunin ng mga proyektong reporestasyon ay upang buksan ang natitirang kagubatan at prontera para sa "ligal" na pagpasok ng naglalakihang dayuhang negosyo para kamkamin at gawing plantasyon ang malalawak na kagubatan.

Malawakang sinisira ang kagubatan para ihanda ang kalupaan sa plantasyon ng mga puno. Kadalasang itinatanim sa mga plantasyon at reporestasyon ay *falcata* at kawayan dahil mabilis itong tumubo. Bagamat ang *falcata* at kawayan ay natural na matatagpuan sa Pilipinas, ang pagtatanim nito sa hindi nito likas na tinutubuan ay nagdudulot ng pagkasira sa saribuhay at ekolohiya ng isang lugar. Maraming halaman, hayop at insekto ang napapalayas at namamatay dahil sa pagtatayo ng mga plantasyon. Humihina rin ang kalidad ng lupa, dahilan ng madaling pagguho nito. Natutuyo ang mga bukal at sapa, at dahil maramihan at "dayo" ang punong itinatanim, inaagawan nito ng yamang mineral ang ibang mga halaman at puno sa lugar.



Paglawak ng plantasyon ng mga puno

Noong 2021, hinikayat ng DENR ang pagtatayo ng plantasyon ng kawayan upang paunlarin ang industriya nito sa bansa. Binigyan ng Southern Philippines Development Authority ang EcoPlanet Bamboo, isang kumpanyang Amerikano, ng inisyal na 8,369 ektarya para tayuan ng mga kawayan na pang-eksport sa Lanao del Sur. Nasa 30,000 ektarya ang plantasyon ng kawayan sa Pangasinan ng kumpanyang CS First Green-Agri-Industrial Corp. Plano namang palawakin ng kumpanyang Kilambay Plantation Corp. ang kanilang plantasyon hanggang 25,000 ektarya sa Mindanao, habang mayroon na itong 3,000 ektaryang plantasyon sa Carmen, Cotabato. Target din ng Department of Agriculture na mapalawak hanggang 42,000 ektarya ang mga plantasyon ng kawayan sa taong 2030.

Samantala, ang *falcata* ang pinakamaraming ineeksport na kahoy ng bansa, mayorya sa bansang China, Japan at US. Pangunahing ginagamit ito sa paggawa ng papel, *plywood*, *pulpwood*, *veneer* at mga muwebles. Paborable para sa mga eksporter ang *falcata* dahil mabilis itong lumaki. Pwede na itong anihin pagkalipas ng 3-10 taon, depende sa nais na kalidad ng kahoy. Pinakamalaking plantasyon nito ay sa Davao Oriental na may lawak na 1,200 ektarya. Pinakamaraming plantasyon naman ay sa bahaging CARAGA na nasa kabuuang 20,404 ektarya. Noong Hulyo, inanunsyo ang planong pagtutulungan ng Misamis University at DENR para sa pagtatayo ng tatlong ektaryang plantasyon ng *falcata* sa Barangay Capucao, Ozamis City. Sa plantasyon, planong magtanim ng 2,400 na mataas na kalidad ng *falcata* at magparami ng binhi nito para sa mga taniman at plantasyon sa Region 10 at sa iba pang prubinsya sa Mindanao. Nagkakahalaga ng mahigit ₱12,000 ang nasa 10 taong gulang na puno ng *falcata*.

Sa tabing ng "reporestasyon," nililinlang ng rehimeng US-Marcos ang mamamayan na ang mga plantasyong komersyal tulad ng kawayan ay makakalikasan at tugon sa krisis sa klima ng bansa. Subalit ang mismong pagtatayo ng plantasyon, sa halip na buhayin at payabungin ang natural na ekolohiya ng kagubatan, ang siyang sumisira sa kalikasan. Limpak-limpak na tubo, hindi pangangalaga sa kalikasan, ang totoong pakay ng mga plantasyon ng puno na ito.

Gamit ni Marcos ang pwersang militar at pulis upang pagsilbihing gwardya at tapagagtanggol ng mga kapitalista. Di na mabilang na katutubo at magsasaka ang pinalayas, inagawan ng lupa, ginipit, dinukot, sinampahan ng gawa-gawang kaso, at pinaslang ng mga berdugo alang-alang sa interes at dambuhalang kita ng mga kapitalista. AB

Pahirap at pasistang rehimeng Prabowo-Gibran ng Indonesia, dinumog ng protesta

Muling sumiklab noong Agosto ang protesta ng mamamayang Indonesian laban sa mga kontra-mamamayang patakaran ng presidente ng bansa na si Prabowo Subianto at bise presidente niyang si Gibran Rakabuming Raka. Tumindi ang kanilang galit matapos sagasaan ng sasakyan ng pulis at napatay si Affan Kurniawan, isang *delivery rider*, noong Agosto 28. Mula sa kabisera sa Jakarta, lumaganap ang mga protesta sa 32 prubinsya at sa mga syudad ng Bandung, Surabaya, Malang, Solo, Yogyakarta, Medan, at Makassar.

Sa huling mga protesta, ipinamalas ng mamamayan ang tindi ng kanilang galit sa pagsusunog ng pampublikong mga gusali, pasilidad at sasakyan, at panloloob sa mga bahay ng kurakot na upisyal at pulitiko. Sinupil ng rehimeng Prabowo-Gibran ang mga protesta gamit ang *tear gas*, *water cannon* at *rubber bullet*. Ipinailalim ng rehimen sa mala-batas militar ang mga lansangan at komunidad at inatasan ang pulis na mang-aresto at mamaril ng mga raliyista.

Umabot sa 10 ang pinatay ng mga pwersa ng estado mula Agosto 25 hanggang Setyembre 2, habang 1,241 ang inaresto (kabilang ang mga idineklarang nawawala) at 800 ang malubhang nasugatan.

Mitsa ng mga protesta ang pagkamuhi sa pagbibigay ng rehimen ng buwanang alawans para sa pabahay ng mga myembro ng parlamento, na 20 beses na mas malaki kaysa minimum na sahod ng mga manggagawa. Labas pa ito sa kanilang sweldo na nasa 100 milyong *rupiah* o ₱350,000/buwan. Kasabay nito, binawasan ni Prabowo ang badyet para sa mga rehiyon, na nagtulak sa mga lokal na gubyerno na magpataw ng dagdag na buwis nang hanggang 250%.

Lubos na kinasusuklaman ng mga Indonesian ang rehimen, sa kabila ng diumano'y "popularidad" nito nang mahalal sa pwesto. Sa unang taon sa poder, pinagkaabalahan ni Prabowo ang pagbubundat sa kanyang gabinete at mga upisyal sa parlamento. Pinalawak niya ang kapangyarihan ng militar at pulis para konsolidahin ang kanyang kontrol sa estado. Inatupag niya ang pagkonsolida ng kurakot at benepisyo sa pamamagitan ng pagtatayo ng BPI Danantara (National Sovereign Wealth Fund).

Matagal nang kumukulo ang galit ng mga Indonesian sa kainutilan ng estado na tugunan ang krisis sa kabuhayan at ekonomya. Nagtataasan ang presyo ng mga bilihin at serbisyo, gastos sa edukasyon at pangkalusugan. Marami ang walang trabaho at laganap ang kawalang katiyakan sa trabaho. Malayong hindi nakasasapat sa pangangailangan ng isang pamilya ang minimum na sahod.

Labas sa pambansang kabisera, maigting ang pagsasamantala sa paggawa, pang-aagaw ng lupa ng mga dayuhang korporasyon, malawakang pagpapalayas sa mga magsasaka at katutubo, pagkasira ng kalikasan at kriminalisasyon sa pagtutol sa engrandeng mga proyektong imprastruktura, mina at plantasyon na sinimulan ng naunang rehimeng Widodo at ipinagpapatuloy ni Prabowo.

Sa bayan ng Pati sa Central Java, nagprotesta noong unang linggo ng Agosto ang 100,000 katao para itakwil ang dagdag-buwis na ito at igiit ang pagpapatalsik ng rehente (alkalde) sa poder at pagbabasura sa iba pa niyang kontra-mamamayang patakaran. Noong Hulyo, nagprotesta rin ang maliliit na negosyante, mga manggagawa at maralita na pinalayas para bigyan-daan ang 1,175-ektaryang Mandalika Special Economic Zone, isang proyektong megaturismo. Noong buwan ding iyon, nagwelga ang mga manggagawa sa PT Huadi Nickel Alloy Indonesia laban sa malawakang tanggalan at sapilitang pagpapaliban sa trabaho nang walang negosasyon.

Umani ng suporta ang mga protesta sa Indonesia mula sa mamamayan sa mga karatig-bansa nito sa Asia na umiinda ng katulad na krisis sa kabuhayan at nahaharap sa katulad na panunupil at pasismo.

Nagpaabot din ng pakikiisa ang Partido Komunista ng Pilipinas sa mga protesta na anito'y nagpapatampok sa matinding pagnanais ng mamamayang Indonesian para sa rebolusyonaryong pagbabago. Kasama ang masang anakpawis na Indonesian, binabalikat ng mga Pilipinong anakpawis ang bigat ng di pantay na sistema sa ekonomya, na pinalalala ng pandaigdigang krisis ng kapitalismo, habang patuloy na nagpapakasasa ang mga reaksyunaryong uri at pulitiko.

Mataba ang kundisyon sa Indonesia para sa maigting na makauring pakikibaka, hindi lamang sa pamamagitan ng mga masang protesta, kundi higit na mahalaga, sa pamamagitan ng armadong paglaban at digmang bayan, ayon sa PKP. AB

